SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang kadalasan mong ginagawa kapag may mahalaga kang pagpapasyahan? Sinu-sino ang mga tinatakbuhan mo upang humingi ng payo? Papaano ka natutulungan ng Salita ng Diyos?
- Gaano mo pinananaligan ang kaparaanan ng Diyos? May mga panahon bang hindi mo naiintindihan ang ginagawa ng Diyos? Papaano mo ito tinugunan?
- Sa palagay mo, bakit mahalaga ang sumunod sa Diyos kaagad at ng lubos?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Sinasabi sa Roma 12:2 na ang kalooban ng Diyos ay mabuti, ganap, at kalugod-lugod. Ano sa tingin mo ang kalooban ng Diyos para sa iyo ngayon at papaano mo ito aalamin ng lubusan?
- Anong bahagi pa ng buhay mo sa palagay mo ang kinakailangan mong ipagkatiwala? Papaano mo mapapalago ang pagtitiwala mo sa Kanya?
- Saan patungo ang gabay ng Diyos sa iyong mga pakikipag-ugnayan, trabaho, gawain, atbp.? Papaano mo Siya susundin?

PRAYER

- Ipagdasal ang bawat isa sa grupo na malinaw ninyong malaman ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa panahong ito.
- Ipagdasal ang bawat miyembro ng grupo na magkaroon ng mas matalas na pandinig pang-espirituwal upang alamin ang pangunguna ng Diyos sa bawat isa. Manalangin para sa mga kasagutan sa panalangin sa pagsunod ninyo sa Kanyang kalooban.
- Humiling sa Diyos ng kakayahan at tapang na sundin Siya kahit ano pa man ang mangyari.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

Love different.

Pag-ibig sa Unang Tingin

Week 1

NOTES

CONNECT

- Naniniwala ka ba sa 'pag-ibig sa unang tingin?' Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang hinahanap mo sa isang mapapangasawa? Bakit mahalaga sa iyo ang mga katangiang ito?
- Sa mga kakilala mo, sino sa tingin mo'y magandang halimbawa ng tunay na pag-iibigan? Bakit?

WORD

[26]Yumukod agad ang alipin at sumamba sa Diyos. [27]Sinabi niya, "Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng aking amo na si Abraham. Ipinakita niya ang kanyang kabutihan sa aking amo. Ako mismo ay ginabayan niya sa pagpunta ko sa mga kamag-anak ng aking amo."
Genesis 24:26,27

WHAT *What does the Bible say?*

Ang pagpili ng mapapangasawa ay isa sa mga malalaking pagpapasya na gagawin ng tao sa kanyang buhay. Kaya't kinakailangang maging maingat tayo sa paggawa ng pagpapasya sa bagay na maaaring ikabuti o ikasama natin. Ngunit madalas ay umaasa tayo sa pagbabakasakali na nakagawian ng mundo ukol sa pag-ibig sa halip na tanungin ang May-akda nito. Papaano ba natin susundin ang kaparaanan ng Diyos sa pag-ibig? Pag-aralan natin ang halimbawa ng alipin ni Abraham na kung paano niya nahanapan ng mapapangasawa si Isaac.

- **Alamin ang kalooban ng Diyos.**
  Nanalangin ang alipin, "Panginoon, Diyos ng amo kong si Abraham, nawa'y magtagumpay po ako sa pakay ko rito, at ipakita n'yo ang kabutihan ninyo sa aking amo."

  Genesis 24:12

  Naniwala si Abraham na kalooban ng Diyos na makahanap si Isaac ng isang maka-Diyos na mapapangasawa. Kaya't nanumpa ang kanyang alipin—isang malaking pananagutan (Genesis 24:3,4)! Naging matalino naman ang alipin sa paghingi niya ng tulong sa Diyos na pangunahan ang sitwasyon. Papaano ba kadalasang hinaharap ng mga tao ang mga malalaking pagpapasya? Bakit hindi sapat ang ating pananaw (Roma 12:2)?

  _____

  _____

  _____

  _____

- **Magtiwala sa pangunguna ng Diyos.**
  [26]Yumukod agad ang alipin at sumamba sa Diyos. [27]Sinabi niya, "Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng aking amo na si Abraham. Ipinakita niya ang kanyang kabutihan sa aking amo. Ako mismo ay ginabayan niya sa pagpunta ko sa mga kamag-anak ng aking amo."

  Genesis 24:26,27

  Hindi naman iniwang mag-isa ang alipin sa pagtupad ng ipinag-uutos sa kanya. Mayroon siyang kasiguruhang pangungunahan siya ng angel ng Diyos (Genesis 24:7,8). At tunay ngang nasaksihan niya kung papaano gumawa ng paraan ang Diyos na mahanap niya ang mapapangasawa ni Isaac. Tulad ng alipin, tayo'y may pangako rin ng paggabay ng Diyos (Salmo 32:8). Bakit tayo makakaasa sa kaparaanan ng Diyos? Anong nangyari nang umasa ka sa pangunguna ng Diyos (Isaias 55:9)?

  _____

  _____

  _____

  _____

- **Sundin ang kaparaanan ng Diyos.**
  Pero sinabi ng alipin, "Huwag n'yo naman akong patagalin dito. Namagitan na ang Panginoon sa pakay ko sa pagpunta rito, kaya pabalikin n'yo na ako sa amo ko."

  Genesis 24:56

  Sa pagbabalik ng alipin may mga sitwasyon siyang kinaharap na nagsilbing balakid sa adhikain niya, bagkus mas minarapat niyang sundin ang kaparaanan ng Diyos . Ang kaparaanan ng Diyos ay landas ng buhay o mga simulaing kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga tagasunod (Salmo 25:4). Maaari naman niyang pagbigyan ang kahilingan ng mga magulang ng ikakasal ngunit mas pinili niyang sundin ang Diyos agad-agad at ng lubusan. Anong mga kabutihan ang natanggap ng alipin sa lubusan niyang pagsunod sa Diyos? Ano kaya ang maaring nangyari kung hindi siya sumunod?

  _____

  _____

  _____

  _____